




1875

Deseret Silk Association na itinatag sa pamumuno ng Relief Society General President na si Zina D. H. Young.

1876

Pinamunuan ni Emmeline B. Wells ang bagong programa sa pag-iimbak ng mga butil.

1878

Nagsimula ang organisasyon ng Primary.



1880

Itinalaga ang ikalawang Relief Society General Presidency.

1882

Itinatag ng Relief Society ang Deseret Hospital.





"Ang Relief Society . . . ay unang itinatag halos kalahating siglo na ang nakararaan . . . upang ipalaganap ang mga temporal na pagpapala sa mga maralita at nangangailangan: at palakasin ang loob ng mahihina, at sawayin ang mga nagkakasala, at para sa mas mainam na pag-unlad, at pagdamay, at pagkakawangga, ng babae upang magkaroon siya ng pagkakataong magtamo ng espirituwal na lakas, at ng kapangyarihang maisakatuparan ang mas malaking kabutihan sa gawain ng pagtubos sa mag-anak ng tao."[8] — Zina D. H. Young




ZINA D. H. YOUNG
**1888**

1887

Inorganisa ng kababaihan ng Relief Society ang Utah at Idaho chapter ng Woman Suffrage Organization noong 1889.[7]

1889

Inorganisa ni President Zina D. H. Young ang unang pangkalahatang kumperensya ng Relief Society.

**1890**

1891

Ang Relief Society ay orihinal na miyembro ng National Council of Women sa Estados Unidos.

*Ang*

# pinakamatagal

na negosyong pang-ekonomiya ng Relief Society ay ang programa sa pag-iimbak ng mga butil: 1876–1918. Nang magkaroon ng kakapusan sa trigo nang malapit nang matapos ang World War I, ipinagbili nila ito sa dimatanggihang kahilingan ng pamahalaan ng U.S. Ang interes o tubo mula sa perang napagbentahan ng trigo ay ginamit para mabawasan ang bilang ng mga ina at sanggol na namamatay, pondohan ang mga klinika para sa mga buntis at maliliit na bata, magtaguyod ng mga klase sa healthcare education, at mangolekta ng mga suplay para sa panganganak.

iorganisa niya ang Relief Society noong 1842 sa Nauvoo, Illinois.

Ipinayo sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Alamin *sa inyong sarili* kung sino kayo talaga. Itanong sa inyong Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo kung ano ang nadarama Niya para sa inyo at sa inyong misyon dito sa lupa. Kung kayo ay magtatanong nang may tunay na layunin, sa paglipas ng panahon ay ibubulong sa inyo ng Espiritu ang mga katotohanang magpapabago sa inyong buhay. Itala ang mga impresyong iyon, rebyuhin iyon nang madalas, at sundin nang husto."

"Nangangako ako sa inyo na kapag naunawaan ninyo kahit kaunti kung ano ang tingin sa inyo ng inyong Ama sa Langit at kung ano ang inaasahan Niyang gagawin ninyo para sa Kanya, magbabago ang inyong buhay magpakailanman!"[5] Magpunta sa templo at makinig! Pakinggan kung sino kayo at ano ang gagawin ninyo.

### 3. Paano pa matatamasa ng kababaihang lubhang abala sa buhay ang mga pagpapala ng Relief Society?

*Sister Stephens:* Mahalaga riyan ang mga prayoridad. Kamakailan ay nagpunta ako sa West Africa, at nakita ko ang kababaihan na may sunong na tubig sa kanilang ulo mula sa balon araw-araw at pagkatapos ay tumutulong na maglaan para sa kanilang pamilya. Kung minsan naaawa ako sa kahirapan nila. Pagkatapos ay gumugol ako ng oras sa mga miyembro ng Simbahan sa mga training meeting at nakasuot sila ng mapuputing polo at makukulay na bestida na sila ang tumahi.

Itinuro sa akin na sagana sila sa mga bagay na hindi mabibili ng salapi. Nalaman ko na inuuna nila ang pinakamahahalagang bagay. Ang ebanghelyo ang lahat-lahat sa kanila. Sabi nila sa akin, "Wala akong kailangan. Nasa akin na ang lahat ng kailangan ko—ang ebanghelyo at ang aking pamilya." Kapag inuna natin ang pinakamahahalagang bagay, likas na maglalaho ang iba pang mga bagay sa ating buhay.



### 4. Ano ang maibibigay ng Relief Society sa mga kabataang babae?

*Sister Burton:* Ang mga kabataang babae ay may pagkakataong tumulong na magsakatuparan ng propesiya kapag nalipat sila sa Relief Society. Noong 1979, ipinropesiya ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) na ang mabubuting kababaihan ng mundo ay "mapupunta sa Simbahan nang maramihan . . . at makikitang natatangi at kakaiba ang kababaihan ng Simbahan—sa masayang paraan—mula sa kababaihan ng sanlibutan."[6] Kailangan natin ng kakaibang mga kaloob, pananaw, at talentong hatid ng mga kabataang babae para makatulong na maisakatuparan ang propesiyang ito.

Tungkol sa propesiya ni Pangulong Kimball, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson noong 2015 sa kababaihan sa lahat ng edad—kabilang na ang mga kabataang babae, "Kayo ang